
**WEEKLY LEARNING PLAN**

<table>
<tr><td>Quarter</td><td>1</td><td colspan="2">Grade Level</td><td>3</td></tr>
<tr><td>Week</td><td>7</td><td colspan="2">Learning Area</td><td>FILIPINO</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas (F3PN-Ig-6.1, F3PN-IIf-6.4, F3PB-IIg-12.2, F3PB-IIIg-12.3, F3PN-IVh-6.6).</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas</td><td>Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas</td><td>SUBUKIN<br><br>Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong na kasunod nito.<br><br>Si Pam<br>ni: Girlie Ravara-Banico<br><br><br>Ito si Pam. Isa siyang batang matalino, masayahin at maganda. Mahilig siyang kumanta at sumayaw. Marunong din siyang tumula. Isa rin sa kinahihiligang gawin ni Pam ay ang pagguhit. Masaya si Pam tuwing siya ay gumuguhit. Marami-rami na rin ang kanyang naguhit gaya ng mga bundok, punong-kahoy, prutas, bulaklak at magagandang tanawin gaya ng palayan at karagatan. Araw-araw sa kanilang tahanan ay naging libangan na ni Pam na gumuhit ng mga bagay na nakapagpapasaya sa kaniya.<br><br>Sa lahat ng iginuhit ni Pam, ang larawan ng kaniyang mahal na pamilya ang pinakapaborito niya. Makikita rito sina Mang Pol at Aling Mari, ang mga magulang niyang palaging nakasuporta sa mga nais niyang gawin. Inaaruga at tinuturuan nila nang husto si Pam kaya naman siya naging mabait, matalino at mapagmahal na bata.<br><br>Sagutin ang sumusunod na tanong mula sa kuwentong napakinggan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br><br>2. Sino ang batang matalino, masayahin at maganda?<br><br>3. Saan nangyari ang kuwento?<br><br>4. Ano ang mga hilig gawin ni Pam?<br><br>5. Bakit naging mabait, matalino at maoagmahal si Pam?<br><br>BALIKAN<br><br>Buoin mo ang pangungusap at piliin ang angkop na salita na nasa</td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 3.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | panaklong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>(pamagat, tauhan, tagpuan at banghay)<br>1. Ang _______________ang paksa ng kuwento.<br>2. Ang _______________ay ang lugar kung saan nangyayari ang kuwento.<br>3. Ang __________________ang pangyayari o buod ng kuwento.<br>4. Ang_________________ang gumaganap sa mga kuwento.<br>5. “Ang Matalik Kong Kaibigan” ay halimbawa ng ____________. | |
| 2 | Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas | Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas | **TUKLASIN**<br><br>Basahin at unawain mo ang kuwento at sagutin ang kasunod na mga tanong.<br><br>Ang Pamilya<br>ni: Girlie Ravara-Banico<br><br>Sina Mang Deon at Aling Elay ay masisipag at mapagmahal na mga magulang. Mayroon silang limang anak na nagsisikap mag–aral nang mabuti. Ito ay sina Lelel, Sugar, Jing, Jam at Bong. Mababait at masunurin ang kanilang mga anak kaya naman palaging masaya ang kanilang pamilya.<br><br>Tuwing walang pasok sa eskwela ay nagpupunta ang buong pamilya sa kanilang bukirin. Marami silang tanim na mga prutas gaya ng mangga, makopa, durian, santol at lansones.<br><br>Isang araw, nakita nilang nasisira ang mga bunga ng kanilang mga punong mangga dahil sa mga insekto. Agad nilang binalot ng lumang dyaryo ang mga bunga. Madaling natapos ang kanilang gawain. Talagang napakasaya ng pamilya kung lahat ay nagtutulungan at nagmamahalan.<br><br>I. Sagutin ang sumusunod sa sagutang papel. Pagtugmain ang Hanay A at Hanay B batay sa nabasang kuwento gamit ang linya/guhit.<br><br>Hanay A<br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>2. Sino-sino ang mga kasapi ng pamilya?<br>3. Saan sila pumupunta upang makasagap ng sariwang hangin?<br>4. Kailan sila pumupunta sa bukirin?<br>5. Bakit masaya ang kanilang pamilya?<br><br>Hanay B<br>A. Mang Deon, Aling Elay, Lelel, Sugar, Jing, Jam at Bong<br>B. kapag walang pasok<br>C. Ang Pamilya<br>D. dahil sila ay nagtutulungan at nagmamahalan<br>E. sa bukirin<br><br>II. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Isalaysay ang nabasang kuwento sa tulong ng mga gabay. Punan ng tamang sagot ang mga patlang.<br>Ang pamagat ng kuwento ay<br>1______________________.<br>Sina 2__________________ at Aling Elay ay masisipag at mapagmahal na mga magulang. Mayroon silang | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3___________________ na nagsisikap mag – aral nang mabuti. Ito ay sina Lelel, 4___________, Jing, 5____________ at Bong.<br>6___________________ at 7___________________ang kanilang mga anak kaya naman palaging masaya ang kanilang pamilya.<br>Tuwing 8___________________ sa eskwela ay nagpupunta ang buong pamilya sa kanilang 9___________________. Marami silang tanim na mga prutas gaya ng mangga, santol, durian, 10___________________ at lansones.<br>Isang araw, nakita nilang 11___________ ang mga bunga ng kanilang mga punong 12____________ dahil sa mga 13 __________. Agad nilang 14____________ng lumang dyaryo ang mga bunga. Madaling natapos ang kanilang gawain. Talagang napakasaya ng pamilya kung lahat ay 15 ______________at nagmamahalan. | |
| 3 | Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas | Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas | **SURIIN**<br><br>Sa pagsasalaysay sa teksto, dapat tandaan na sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas nagiging madali ang pagpili ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.<br>Ang pagsasalaysay ay ang pagpapahayag na may layuning magkuwento ng mga pangyayari. May dalawang uri ng pagsasalaysay: pasalita at pasulat.<br><br>Kahulugan ng mga bahagi ng kuwento at mga halimbawa nito:<br><br>Pamagat- tungkol saan ang kuwento<br>Halimbawa: Ang Pamilya<br>Tauhan- ang mga gumaganap sa kuwento<br>Halimbawa: Mang Deon, Aling Elay, Lelel, Sugar, Jing, Jam at Bong<br>Tagpuan- lugar kung saan naganap ang kuwento<br>Halimbawa: bukirin<br>Suliranin- problema na nangyari sa kuwento<br>Halimbawa: nakita nilang nasisira ang bunga ng kanilang mga punong mangga dahil sa mga insekto<br>Solusyon- kasagutan sa problemang nangyari sa kuwento<br>Halimbawa: kumuha si Mang Deon at Aling Elay ng mga lumang dyaryo upang balutin isa-isa ang mga bunga<br>Katapusan- ano ang nangyari sa hulihan ng kuwento o wakas<br>Halimbawa: Pinagsaluhan nila ang masasarap na pagkain na inihanda ni Aling Elay.<br><br>Ang tanong na Ano, Sino, Saan, Kailan, Bakit at Paano (ASSaKaBaPa) ay halimbawa lamang ng pamatnubay na tanong. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Ang balangkas naman ay ang pagkakasunod-sunod ng importanteng detalye ng teksto. Ito ay isinusulat ng naaayon sa pagkakasunod ng mga pangyayari. | |
| 4 | Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas | Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas | **ISAGAWA**<br><br>Isalaysay ang kuwentong binasa na may pamagat na "Hardin ni Mang Apolo" sa tulong ng mga gabay na katanungan. Punan ng tamang sagot ang mga patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br><br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>Ang kuwento ay tungkol sa ______________<br>2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?<br>Ang mga tauhan sa kuwento ay sina ______________<br>3. Saan naganap ang kuwento?<br>Ang kuwento ay naganap sa ______________<br>4. Ano ang masayang pangyayari sa kuwento?<br>Tuwang-tuwa si Mang Apolo na ______________<br>5. Ano ang suliranin sa kuwento?<br>Si Mang Apolo pala ay ______________<br>6. Ano ang solusyon sa suliranin?<br>Naglakas loob ang mga bata na ______________<br>7. Ano ang katapusan ng kuwento?<br>Ginamot si Mang Apolo sa ______________<br>8. Ano ang natutuhan mo sa kuwentong iyong nabasa?<br>Ang natutuhan ko sa kuwentong nabasa ay ______________<br><br>Ang Batang si Pat<br>ni: Girlie Ravara-Banico<br><br>Si Pat ay isang malusog na bata. Mahilig siyang kumain ng gulay, isda at prutas. Palagi rin siyang umiinom ng gatas at nag-eehersisyo kaya malakas ang kaniyang katawan.<br><br>Pangarap ni Pat na maging isang sundalo gaya ng kaniyang tatay Bon. Hangang-hanga siya sa kaniyang ama. Tinuturuan rin siya nito sa paglalangoy at pangingisda.<br><br>Habang naglalaro, nakarinig siya ng batang sumisigaw ng saklolo sa may gawing sapa. Nakita niya ang isang batang nalulunod. Sinagip niya ang bata at inihatid ito sa kaniyang bahay.<br><br>Tunay ngang magiging magaling na sundalo si Pat pagdating ng panahon. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas | Pagsasalaysay Muli sa Nabasang Teksto sa Tulong ng Pamatnubay na Tanong at Balangkas | **TAYAHIN**<br><br>Basahin ang kuwento at sagutin ang kasunod na tanong.<br><br>Isalaysay ang nabasang kuwento sa tulong ng mga gabay na tanong at balangkas gamit ang **story strips**. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br><br>si Pat<br>Ang Batang si Pat<br>sapa<br>Tunay ngang magiging magaling na sundalo si Pat pagdating ng panahon.<br>Nakarinig siya ng boses na humihingi ng saklolo, agad na tinulungan ni Pat ang batang nalulunod sa sapa.<br>Pangarap niyang maging isang sundalo kaya tinuturuan si Pat ng kaniyang ama ng paglangoy at pangingisda.<br>Si Pat ay mahilig mag ehersisyo at kumain ng masusustansiyang pagkain para maging malakas ang kaniyang katawan.<br>Pagkatapos niyang sagipin ang bata ay inihatid niya ito sa kaniyang bahay.<br>Sinagip siya ni Pat sa pagkalunod at inihatid sa bahay<br>Nalunod ang bata sa sapa.<br><br>Ginabayang balangkas ng kuwento:<br><br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>Ang pamagat ng kuwento ay ____________________.<br>2. Saan naganap ang kuwento?<br>Ang kuwento ay nangyari sa __________.<br>3. Sino ang tauhan sa kuwento?<br>Ang tauhan sa kuwento ay si ____________.<br>4. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento? Isulat ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>5. Ano ang suliranin ng kuwento?<br>____________________.<br>6. Ano ang solusyon sa suliranin ng kuwento?<br>____________________. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina _____. |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 3 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 7 | | **Learning Area** | AP |
| **MELCs** | **Natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topographiya nito. AP3LAR- Ig-h-11** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | Sa araling ito, inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya nito (AP3LAR-Ig-h-11);<br>2. nagagawa ang mga hakbang bilang paghahanda sa mga posibleng sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon; at<br>3. napapahahalagahan ang pagiging handa sa mga panganib na maidudulot ng lokasyon. | Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya | **SUBUKIN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br>1. Ang mga nakatira sa mga matataas na lugar ay mapanganib sa ________.<br>A. baha<br>B. tsunami<br>C. pagguho ng lupa<br>D. pagsabog ng bulkan<br>2. Anong lugar ang may pinakamalaking antas ng paglindol?<br>A. malayo sa fault line<br>B. malapit sa fault line<br>C. eksakto ang layo sa fault line<br>D. masyadong malayo sa fault line<br>3. Binigyang babala ang mga nakatira sa dagat kung magkaka -tsunami o tumaas ang tubig dagat, anong dapat gawin?<br>A. makikinig ng balita sa radyo<br>B. maglalaro sa labas ng bahay<br>C. magtatampisaw sa tubig-ulan<br>D. manonood ng palabas sa telebisyon<br>4. Anong panganib ang maidudulot ng malakas na ulan?<br>A. baha<br>B. lindol<br>C. sunog<br>D. Tsunami<br>5. Nakatira ang pamilya ni Mang Estong malapit sa bundok. Malakas na ang agos ng tubig mula sa bundok. Sila ay _____<br>A. maglaro sa ulan<br>B. lumikas na kaagad<br>C. manatili na lamang sa bahay<br>D. maglaro ng putik mula sa bundok<br><br>**BALIKAN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel. | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 3.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 1. Anong anyo ng tubig ang higit na nakatutulong sa turismo ng Island Garden City of Samal?<br>A. ilog<br>B. talon<br>C. dagat<br>D. karagatan<br>2. Alin sa sumusunod ang madadaanan papuntang Davao Oriental magmula Davao del Norte?<br>A. paanan ng Mt. Apo<br>B. mahabang ilog ng Davao<br>C. kapatagan ng Banaybanay<br>D. bulubunduking bahagi ng Davao Occidental<br>3. Ano ang kadalasang hanapbuhay ng mga taong nakatira sa paanan ng Mt. Apo?<br>A. pananahi<br>B. pagtatanim<br>C. pangingisda<br>D. pangangalakal<br>4. Anong panganib ang posibleng haharapin ng mga taong nakatira sa Little Boracay Beach ng Davao Occidental?<br>A. pagtaas ng tubig<br>B. pagguho ng mga gusali<br>C. pagkapal ng puting usok<br>D. pagdaloy ng mga kumukulong putik<br>5. Ano kaya ang maaaring gawin para mailayo sa kapahamakan ang mga nakatira sa bulubunduking bahagi ng Davao de Oro?<br>A. turuan ang mga tao ng wikang banyaga<br>B. mahalin ang mga bata ng bawat pamilya<br>C. taniman ang paligid ng mga punongkahoy<br>D. ayusin nang maigi ang mga palamuti sa bahay | |
| 2 | Sa araling ito, inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya nito (AP3LAR-Ig-h-11);<br>2. nagagawa ang mga hakbang bilang paghahanda sa | Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya | **TUKLASIN**<br><br>Ang topograpiya ay tumutukoy sa kabuoang pisikal na katangian ng isang lalawigan. Inilalarawan nito ang porma, ayos, daloy at hugis ng anyong lupa o anyong tubig na makikita sa isang lalawigan. Sa pag-aaral na ito, madaling malaman ang mga panganib na lugar at mapaghahandaan ng mga tao ang posibleng maidudulot nitong sakuna. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>mga posibleng sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon; at<br>3. napapahahalagahan ang pagiging handa sa mga panganib na maidudulot ng lokasyon.</td>
<td></td>
<td>


http://bagyo.ph/wp-content/uploads/2012/12/tcsatellite.gif(Retrieved 05-08-2017)<br>

http://www.mindanews.com/wp-content/uploads/2012/12/12pablo3.jpg (Retrieved 05-08-2017)<br><br>
Bagyong Pablo, Nanalanta sa Rehiyon XI<br><br>
Disyembre 4, 2012 ay araw na hindi malilimutan kailanman ng mga naninirahan sa lalawigan ng Davao de Oro at Davao Oriental. Sa hindi inaasahang lawak ng pinsala sa buhay at mga ari-arian, ang mga naninirahan sa mga lalawigang ito ay lubos ang pighati matapos bagyuhin ng isa sa mga pinakamalalakas na bagyo sa kasaysayan, ang Bagyong Pablo. Ang pinakamatinding nasalanta ng bagyo ay ang bayan ng Baganga, Caraga, Cateel sa Davao Oriental, Monkayo at New Bataan sa Davao de Oro.<br><br>
Mapanganib ang dulot ng kalamidad at nangangailangan ng paghahanda upang maiwasan ang masamang dulot nito. Dahil napapaligiran ang ating bansa ng malalaking tubig, mataas ang posibilidad na magkaroon ng tsunami at tidal wave sa mga lugar na malapit sa baybayin. Kinakailangang lumikas ang mga naninirahan sa isang ligtas na lugar. Inaasahang rin ang paglikas ng mga taong naninirahan na malapit sa bundok sa panahon ng malakas na ulan upang maiwasan ang pagguho ng lupa. Ilan lamang ito sa mga paghahanda upang maiwasan ang mga masamang pinsalang hatid nito sa ating buhay at ari-arian.<br><br>
Mga Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya<br><br>
Nagbabago ang daanan at lakas ng mga bagyo. Mapanganib ang bagyo lalong-lalo na sa mga lugar na malapit sa dagat at matataas na bahagi ng lupa. Dapat alamin ang lokasyon at topograpiya ng mga lugar sa ating rehiyon upang maiwasan ang panganib. Ang buong bansa ay nakatuntong sa na tinatawag na Pacific Ring of Fire, kaya maraming lugar ang may aktibong bulkan na pinagmulan ng paggalaw ng mga kontinente. Ang dulot nito ay ang karaniwang nararanasan nating lindol sa iba't ibang lugar sa bansa. Bagaman hindi malalaman kung kailan magkakaroon ng lindol, nararapat pa rin nating maghanda para maiwasan ang malaking pinsala.<br><br>
Gawain ng Tao at ang Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya<br><br>
Sa pananalanta ng bagyong Pablo, naipakita ng mga mamamayan ang pagtutulungan at pagdadamayan sa panahon ng kalamidad. Maraming mamamayan ang tumulong upang ilikas ang mga nasalantang kababayan. May mga nagbigay rin ng mga donasyon upang maiparating ang kanilang tulong at pagpapahalaga sa kapwa.<br><br>
Gayunpaman, ayon sa National Disaster Coordinating Council (NDCC), maraming mamamayang naninirahan sa mga bayan ng Davao de Oro, Davao Oriental, at mga karatig bayan ang labis na naapektuhan ang kabuhayan dulot ng kalamidad. Batay sa pagsusuri, ang deforestation ay isa sa mga hindi tamang gawain ng mga tao na nakapagdudulot ng kalamidad.<br><br>
Mahalagang malaman ang mga panganib na maaaring dulot ng pang-aabuso sa kapaligiran. Pansinin ang Flood Hazard Map at ang Landslide Prone Area Map sa iyong bayan. Sa mga mapang ito, makikita ang posibilidad ng pagkakaroon ng sakuna sa iba't ibang lugar.<br><br>
Saang lugar sa Davao Region ang hindi gaanong binabaha o kaya'y nagkakaroon ng landslide kapag malakas ang pag-ulan? Saan naman madalas nagkakaroon ng pagguho ng lupa tuwing tag-ulan? Ano ang mga impormasyon ang maaari pang makita sa mga mapang ito?<br><br>
Bukod sa panganib ng bagyo, mapanganib din ang lindol. Sa palagay mo, ano ang mga lalawigan sa ating rehiyon na bahagi ng fault line na kadalasang nakakaranas ng mga paggalaw ng lupa.? Ano ang dapat gawin upang maiwasan ang sakuna tuwing may lindol?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

A. Mga Lalawigan sa Davao Region na Apektado ng Lindol




B. Mga Lalawigan sa Davao Region na Apektado ng Pagbaha




Pag-aralan ang mapa sa iba't ibang lalawigan ng Davao Region na apektado ng lindol at pagbaha. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang nakaranas ng mataas na antas ng paglindol?
A. Davao City
B. Davao Oriental
C. Davao del Norte
D. Davao Occidental

2. Anong lugar ang nakaranas ng katamtamang antas ng paglindol?
A. Davao City
B. Davao Oriental
C. Davao del Norte
D. Davao Occidental

3. Alin sa mga lugar na ito ang hindi nakararanas ng mababang antas ng paglindol?
A. Davao City
B. Davao de Oro
C. Davao del Sur
D. Davao del Norte


4. Alin sa mga bayang ito ang nakaranas ng mataas na antas ng pagbaha?
A. Laak
B. Mabini
C. Manay
D. Caraga

5. Anong lugar ang nakaranas ng mababang antas ng pagbaha?
A. Boston
B. Cateel
C. Mabini
D. Banganga

**SURIIN**


Mahalagang malaman kung ano ang mga panganib na naidudulot ng




| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | kapaligiran. Kailangang mapaghandaan at maiwasan ang anomang sakunang maaaring maidulot nito. Sa pagtukoy ng mga lugar sa bansa na sensitibo sa panganib ay gumagamit tayo ng iba't ibang uri ng mapa.<br>Ang hazard map ay may mga palatandaan kung anong mga lugar ang apektado laban sa mga panganib. Ginagamit ito sa pagtukoy sa mga likas na panganib gaya ng paglindol, pagbaha, pagguho ng mga lupa o landslide at maging sa pagsabog ng bulkan. | |
| 3 | Sa araling ito, inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya nito (AP3LAR-Ig-h-11);<br>2. nagagawa ang mga hakbang bilang paghahanda sa mga posibleng sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon; at<br>3. napahahalagahan ang pagiging handa sa mga panganib na maidudulot ng lokasyon. | Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya | **PAGYAMANIN**<br><br>Isulat ang salitang TAMA kung ito ay nagpapakita ng wastong pahayag, MALI naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Mahalagang malaman ang mga panganib na lugar sa ating kapaligiran.<br>2. Ang mga lugar na sensitibo sa panganib ay hindi dapat bigyang-halaga.<br>3. Mababa ang antas ng pagguho sa lupa ng mga taong nakatira sa bundok.<br>4. Gumagamit ng isang uri ng mapa upang matukoy ang mga panganib na lugar sa bansa.<br>5. Manatiling laging handa sa anomang mga sakuna o kalamidad.<br><br>**Isaisip**<br><br>Ang kalamidad, mga panganib, at sakuna ay itinuturing na mga pangyayaring nagdudulot ng malaking pinsala sa kapaligiran, ari-arian, kalusugan, at ng mga tao sa pamayanan.<br>Ang paggamit ng iba't ibang uri ng mapa ay nakatutulong sa pagtukoy ng mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |
| 4 | Sa araling ito, inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at topograpiya nito | Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at Topograpiya | **Isagawa** | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (AP3LAR-<br>Ig-h-11);<br>2. nagagawa ang mga hakbang bilang paghahanda sa mga posibleng sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon; at<br>3. napapahahalagahan ang pagiging handa sa mga panganib na maidudulot ng lokasyon. | | <br><br>1. Saang bahagi ng Pilipinas ang may pinakamaraming bilang ng naranasang bagyo sa buong taon?<br>A. Gitnang bahagi<br>B. Hilagang bahagi<br>C. Kanlurang bahagi<br>D. Katimugang bahagi<br>2. Anong panganib ang ipinakikita ng mapa sa ating bansa?<br>A. baha<br>B. lindol<br>C. bagyo<br>D. pagguho ng lupa<br>3. Mula sa ipinakitang larawan, anong paghahanda ang gagawin mo?<br>A. maglinis ng bakuran<br>B. magtanim ng mga puno<br>C. magsunog ng mga gulong<br>D. mag-igib ng maraming tubig<br>4. Ano ang iyong gagawin kung paparating na ang bagyo sa iyong lalawigan?<br>A. lilinisan nang maigi ang buong bahay<br>B. lilikas at pupunta sa evacuation center<br>C. tatalian ng lubid ang bintana ng bahay<br>D. tatago sa loob ng kwarto ng buong araw<br>5. Ano ang iyong mga hakbang para sa iyong kinabilangang lalawigan mula sa ipinakitang mapa?<br>A. iwasan ang paggamit ng teknolohiya<br>B. pagyamanin ang ugnayang panlabas<br>C. panatilihin ang mga nakagisnang gawain<br>D. suportahan ang mga plano ng lokal na pamahalaan | |
| 5 | Sa araling ito, inaasahang:<br>1. natutukoy ang mga lugar na sensitibo sa panganib batay sa lokasyon at | Mga Lugar na Sensitibo sa Panganib Batay sa Lokasyon at | **TAYAHIN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (/) kung ito ay nagsasaad ng wastong pahayag, ekis (x) naman kung hindi sa sagutang papel. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | topograpiya nito (AP3LAR-Ig-h-11);<br>2. nagagawa ang mga hakbang bilang paghahanda sa mga posibleng sakuna sa sariling lalawigan at rehiyon; at<br>3. napahahalagahan ang pagiging handa sa mga panganib na maidudulot ng lokasyon. | Topograpiya | _______1. Ang mga lugar na malapit sa baybayin ay mapanganib sa bagyo at tsunami.<br>_______2. Nalalaman ang panganib dulot ng baha gamit ang Flood Hazard Map.<br>_______3. Ang mga lugar na sensitibo sa panganib ay hindi dapat bigyang halaga.<br>_______4. May mataas na antas sa pagguho ng lupa ang mga nakatira sa bundok.<br>_______5. Ang lokasyon at topograpiya ng isang lugar ay may kaugnayan sa kalamidad na maaaring mangyari.<br><br>**Karagdagang Gawain**<br><br>**Gawain A**<br><br>Basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Magtanong sa mga magulang o nakatatandang kapatid kung ano ang nararapat gawin sa sumusunod na sitwasyon.<br>1. Paparating pa ang bagyo<br>2. Sa panahon ng bagyo<br>3. Pagkatapos ng bagyo<br><br>Gawain B<br><br>1. Gumupit ng mga larawan ng iba't ibang kalamidad na naganap sa ating rehiyon at ibang rehiyon gaya ng bagyo, lindol, landslide at baha.<br>Sa ibaba ng bawat larawan, isulat kung paano maiiwasan ang naturang kalamidad. Isulat kung gaano kahalaga ang paghahanda sa mga paparating kalamidad. | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 3 |
| **Week** | 7 | | **Learning Area** | ENGLISH |
| **MELCs** | **Read phrases, sentences and short stories consisting of 2-syllable words.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | Learners are expected to read phrases, sentences, and short stories consisting of 2-syllable words and answer questions about them | Reading and Questioning 2 Syllable Words | **What I Know**<br><br>Directions: Name the picture. Fill in the blanks with the letters a, e, i, o, and u to complete it. Then read the words that you made.<br><br>1.  b__sk__t<br>4.  ch__ck__n<br>2.  fl__w__r<br>5.   n__mb__rs<br>3.  __ns__ct<br><br>**WHAT'S IN**<br><br>Directions: Read each sentence. Encircle the 2-syllable words with a short vowel sound.<br>1. The basket is full of fruits.<br>2. The police caught the thief.<br>3. Fried chicken is my favorite.<br>4. She cooks for our dinner.<br>5. Jane is playing tennis. | Answer the Learning Tasks found in ENGLISH 3 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1:<br><br>(This task can be found on page _____) |
| 2 | Learners are expected to read phrases, sentences, and short stories consisting of 2-syllable words and answer questions about them | Reading and Questioning 2 Syllable Words | **What is It**<br><br>Direction: Read the following words from the story, "Birthday Girl". | Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page _____)<br>File created by DepEdClick |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>
Direction: Read the following words from the story, "Birthday Girl".<br><br>
chicken — flower<br>
puppet — popper<br>
dinner — dishes<br><br>
*What have you observed with the words?<br>
* These are 2-syllable words that have short vowel sounds.<br>
* Have you read all the words correctly?<br><br>
In the story, "Betty and Timmy", what did you observe on the words used? Have you noticed uttering twice in a word? Take note that in the story, the 2-syllable words are consisting of short /e/ to /i/ sounds. You might wonder what the meaning of these words could be, so let us understand them now.<br><br>
Short /e/ 2-syllable words:<br><br>
1. piglet - <br>
Betty is a timid <u>piglet</u>. (pig•let)<br><br>
2. farmer- <br>
